



## FALKLAND ISLANDS GOVERNMENT

---

### ANUNSYONG SERBISYO PUBLIKO

---

Ika-11 ng Agosto 2021

#### **Hinihimok ang mga dayuhan na may nawawala o nag-expire na papeles na makipagugnayan sa gobyerno**

Kasunod ng naunang pampublikong pagpupulong tungko sa patuloy na suspensiyon ng airlinks mula sa Timog Amerika, dalawang isyu ang natuklasan na kung saan may maraming bilang ng tao ang kasalukuyang hindi makabiyaha, dahil sa sila ay hindi nakapag-renew na kanilang papeles para sa pagbibiyaha, at pati na rin ang mga sanggol ng mga dayuhan na ipinanganak dito sa Falkland Islands sa gitna ng pandemya, ngunit walang kaukulang papeles dahil na rin sa patuloy na paghihigpit at komplikasyon sa pagbibiyaha.

Habang ang mga residente na may pasaporteng British ay maaaring humiling ng papeles para sa *emergency travel* o makapag-renew ng mga expired na document sa pamamagitan ng *Customs and Immigration*, ito ay kaiba sa kasalukuyang lagay ng mga tao mula sa ibang bansa, na nahihirapang makapag-book ng *renewal appointments* o magpa-rehistro ng kanilang mga bagong silang na sanggol.

Sinabi ng *Chair of Legislative Assembly* MLA Leona Roberts na: “Kami ay lubos na tumatanaw ng utang na loob sa mga taong dumalo sa ating mga pagpupulong upang maibahagi nila sa amin ang kanilang mga pananaw, dahil ito ay lubos na nakatulong upang aming maintindihan kung papaano naapektuhan ang mga tao dahil sa suspensiyon ng mga biyahe sa Chile at Brazil. Hinihimok naming ngayon ang sinumang may pasong mga papeles sa pagbibiyaha, o may bagong silang na sanggol na walang kaukulang papeles, na makipag-ugnayan sa gobyerno upang aming malaman ang bigat o laki ng isyu at aming makita kung ano ang aming maaaring naibigay na suporta sa mga taong naabutan ng backlog.

Ang mga taong may pasong mga papeles o pasaporte, o yaong may mga pasaporte na malapit nang mag-expire sa loob ng susunod na tatlong buwan at hindi maaaring makapag-renew, ay hinihiling na magpadala ng email sa [bordercontrol@customs.gov.fk](mailto:bordercontrol@customs.gov.fk) o tumawag sa numerong 27340. Kailangan mong ibigay ang iyong buong pangalan, petsa at lugar ng iyong kapanganakan, *passport number*, lugar kalian ibinigay ang pasaporte at ang *expiry date* nito, *issuing authority* at bansang pinanggalingan nito. Kung ikaw ay may anak na walang papeles, kailangan mong ibigay ang iyong buong detalye ng pasaporte na tulad ng nakasulat sa itaas, pati na rin ang buong pangalan, petsa at lugar ng kapanganakan ng bata, at pati na rin ang pangalan ng kanilang nanay at tatay.

Ang impormasyon na iyong ibabahagi ay tatrating kompidensyal at gagamitin upang mabilang kung ilang tao ang nakatira sa Falkland Islands ang apektado ng kasalukuyang paghihigpit dahil sa Covid-19, at para na rin makatulong sa paghahanap ng mga makatwiran at praktikal na solusyon para sa mga apektado. Bilang pagdaragdag, sa sinumang nasa sitwasyon na ito, makakaasa kayo na kahit wala kayong balidong pasaporte ay hindi ito makakaapekto sa iyong abilidad na makahawak o makakuha ng *work permit* dito sa Falkland Islands.

\*\*\*\*

KATAPUSAN